

1

“Hello, Ma. Yup, in two hours ay nand’yan na ako,” pagkumpirma ni Gabriel sa kausap sa cellphone habang naglalagay ng mga damit sa isang maliit na travelling bag. “Nope! Don’t tell her. This is a surprise.” Sandali siyang natahimik. “Okay, see you later.”

Mabilis niyang ibinulsa ang aparato at isinara ang bag saka isinukbit sa balikat ang strap niyon.

Bago pa siya nakalabas ay nahagip niya ng tingin ang isang photo frame kung saan nakapaloob ang litrato nila ni Kathryn sa isang sikat na beach sa Bicol. Nangingiting napailing siya at tinungo na ang pinto.

“O, Gabe, saan ka pupunta?” bungad sa kanya ni Mrs. Editha Manlapas. Nakatira ito sa unit na kaharap ng sa kanya. Nagkasabay silang lumabas ng pinto.

“Hello, Ma’am,” magalang niyang bati. “Pauwi ho ako ng probinsya namin. Mag-a-attend ng graduation ni Kath.”

“Ah, ’yung girlfriend mo?” Sumabay ito sa kanya patungo sa elevator.

Napatawa siya. “Hindi ko ho siya girlfriend. Kababata ko lang.”

Napatango ito. “Then you must be real close to her. Madalas siyang bumisita sa unit mo,” walang bahid ng pang-iintriga na komento ng matanda.

“Yes, I am. I’ve known her since she was five, kaya gan’un. ’Andito siya palagi sa tuwing sem break niya,” pagkukumpirma niya.

Si Mrs. Manlapas ang isa sa mga tenants sa building na iyon na madalas niyang nakakausap. Kasama ng matanda ang apo na nag-aaral sa elementary sa malapit na paaralan. Madalas siyang imbitahan ng mga itong maghapunan at naisama na rin niya si Kathryn sa unit nito minsang anyayahan siya ng ginang at nagkataon namang naroon ang kababata at nagbabakasyon.

“I see... well, let me tell you this; siya ang pinakamaganda sa mga babaeng nakikita kong labas-pasok d’yan sa unit mo.”

Napakamot siya sa ulo. Hindi lihim sa kapitbahay ang pagpapalit-palit niya ng girlfriend na madalas nitong nakikita. “Yes, I’m very much aware of that.”

“So bakit hindi mo siya ligawan? Don’t you like her that way?” The old woman was probing.

Nagulat man sa sinabi nito ay pinilit niyang ngumiti, hindi kasalanan ng kausap kung makaisip ito ng kung anu-ano tungkol sa kanila ni Kathryn. “Para na hong kapatid ang tingin ko sa kanya,” nasabi na lang ni Gabe at hinintay na makalabas ito ng elevator bago siya sumunod.

“Oh, well... If that’s the case, then there’s no hope between you two.” Kumibit-balikat ito at hinintay na makaagapay siya sa paglalakad nito. “I guess this is it then.”

Napakunot-noo siya.

“Aalis na kami ni Toby sa darating na Linggo,” sagot nito sa nagtatanong niyang mukha. “Na-approve na ang petition ng anak ko sa aming dalawa. Alam ko namang hindi ka makakabalik in two days’ time, kaya magpapaalam na ako sa ’yo ngayon pa lang.”

He smiled tenderly, he felt a little sad that they were leaving. “It’s been nice knowing you, Mrs. Manlapas.”

“It’s been nice knowing you, too.” Pagkuwan ay tinapik nito ang kanyang pisngi bago tumalikod at umalis.

Habang lulan ng eroplano ay nasa isip ni Gabriel ang kababata. May naglalarong ngiti sa kanyang mga labi. Parehong kasali sa *Couples for Christ* ang kanilang mga magulang sa Bicol at doon nagkakilala ang mga ito. He was eleven then and Kathryn was five. May isang outing noon at doon sila nagkakilala nang pakiusapan siya ng ina nito na samahan si Kath at si Basti, ang ampon ng mga ito, na gumawa ng sandcastle sa baybayin.

Hangang-hanga ang bata at matabang si Kathryn Dominguez sa ginawa niya at mula noon, tuwing may family outings ang mga miyembro ng *Couples for Christ* ay di na ito humiwalay sa kanya. Dahil din doon kaya naging malapit ang kanilang mga magulang at naging parte na ng buhay ng bawat isa.

Bumalik sa isip niya ang sinabi ni Mrs. Manlapas. Magsisinungaling siya kung hindi niya natingnan si Kathryn bilang isang babae na nanaisin niyang maging girlfriend. His childhood friend grew up to be a very lovely lady. She had the darkest shade of hair he'd ever seen. Madalas ay nakalugay lang iyon, with long bangs na halos ay matabunan ang itim na itim din nitong mga mata. She had a heart-shaped face, kaiba sa dati ay bilog na bilog nitong mukha nang maliit pa.

She was a fat kid then, pero nang magdalaga ang kaibigan ay kusa itong pumayat. Ngunit sanhi ng childhood experience nito na palaging inaasar ng mga kalaro dahil sa malobong katawan, hindi ito confident na magsuot ng mga seksing damit ngayong malaki na. Which was fine by him, the last thing he needed was to worry about Kath getting hit on by random guys. And with her beautiful face, figure with just the right curves, alam na niyang hindi malayong mangyari iyon.

For Gabriel, Kathryn was physically a good girlfriend candidate. Pero hindi niya kayang isakripisyo ang pagkakaibigan nila nang dahil lang doon. She was too precious para isali niya sa listahan ng mga babaeng nagiging nobya niya. Bukod pa roon, she had always been a pain in his ass.

Hindi sila puwedeng magkasama nang isang araw na wala itong kalokohang ginagawa na kailangan niyang ayusin. Naalala pa niya nang minsang nasa unit niya ito at nasa trabaho siya. She set out the fire alarm of the building na naging sanhi ng pag-panic ng lahat ng tenants.

Kinailangan niyang iwan ang emergency meeting para lang umuwi nang tawagan siya ng manager ng building. Madadakip ang kanyang kababata dahil sa

ginawa nito at kung hindi pa siya maayos na tenant at nakiusap sa manager ay malamang na nadala ang kaibigan niya sa presinto. Immediately after that, he sent her home. Ilang araw pa bago niya nalaman na tumakas lang ang babae, ni hindi pala nito semestral break nang panahong iyon.

Bumuntong-hininga si Gabriel at nilingon ang katabi niya sa upuan. Kanina pa niya naririnig ang mahina nitong pagkanta.

“I’m sorry, naiistorbo ba kita?” tila biglang nahiyang tanong ng babae nang mapansing titig na titig siya rito.

Hindi siya kaagad nakapagsalita. Umalingawngaw sa pandinig niya ang malamyos nitong tinig. Mesmerized, muli niyang pinagmasdan ang mukha ng katabi na ngayon lang niya napansin. Long, wavy hair surrounded her small face. Mapusyaw na tsokolate ang kulay ng mga mata nito at ang matangos na ilong ay binagayan ng mapupulang labi na wala man lang bahid ng lipstick. Halatang mestiza ito.

Her cheeks were flushed which complemented her very fair skin. The girl was wearing an overall coat and he could imagine her wearing a tiny dress underneath dahil na rin sa hantad nitong mga hita. Nagsalita lamang siya nang makitang tinanggal nito

ang suot na earphones.

Napaubo siya. “H-hindi naman. You have a lovely voice.” He meant it.

She gave him a smile that showed her perfect set of white teeth. “Yeah, right.” Sinabayan pa nito iyon ng pag-ikot ng mga mata.

Tumingin ang binata sa wristwatch niya bago muling nagsalita. “Mag-iisang oras pa tayo sa ere. A lot of time to spare so if you hate boredom as much as I do, we can introduce ourselves to each other and talk about life, love and anything that follows.” Sa wakas, nabawi rin niya ang utak na bigla na lang tumalsik kung saan kanina.

Muling tumawa ang babae at tumangu-tango. “I’m Mina.” Iniabot nito ang kamay sa kanya para makipagkamay.

“Gabriel, you can call me ‘Gabe’.”

“Basty, di ka ba tinawagan ni Gabby?” muli ay tanong ni Kathryn sa ampon na kapatid habang nasa sasakyan pauwi galing sa kanyang graduation.

“Kath, huling tanong mo niyan sa ’kin, limang minuto pa lang ang nakakaraan at halos sampung

oras na tayong magkasama. Nakita mo ba akong humawak sa telepono ko?” umiikot ang mga matang balik-tanong nito.

Hinampas niya ito sa braso. “Di ka na lang makasagot nang maayos?”

“Aray ko, ha!” sita nito na nakataas ang kilay. “Kanina ka pa.”

Inirapan niya ang lalaki bago ibinalik ang tingin sa daan.

“Di mo ba tinanong ang Tita Laura mo, 'Nak?’” tanong sa kanya ng ina na nasa unahang upuan ng sasakyan, katabi ang ama niyang nagmamaneho.

“Anong hindi, eh, halos masunog na ang telepono niyan kahit nasa gitna ng stage sa katatawag sa landline nina Tita.” Si Basty ang sumagot.

“Tumahimik ka nga! Daddy, o, di ako tinitigilan ni Basty!” sumbong niya sa amang pangiti-ngiti lang.

“Nag-graduate ka na ng college pero diyan sa pagkasumbungera mo, di ka pa rin maka-move on.”

“Basty, pagbigyan mo na lang muna si Kath, it's her day...” the old man said indulgingly.

Nakangising binelatan niya ang pinagsabihan na

irap lang ang sinagot sa kanya.

Si Basti ay inampon ng mga magulang niya nang tatlong taong gulang pa lang ito. Anak ito sa pagkadalaga ng best friend ng mommy niya na namatay nang dahil sa cancer. Walang ibang pamilya si Basti, kaya kinupkop nila ito at tinuring na tunay na kapamilya. Mas matanda lang ang lalaki sa kanya nang dalawang taon, kaya halos buong buhay niya ay kasama na niya ito. She looked up to him as a big brother kahit mas gusto nitong ate ang ituring niya rito.

Basti was gay.

Pero hindi ito ang tipo na nagbibihis-babae. Lalaking-lalaki ito kung manamit at kung hindi lubusang kilala ay hindi mapagdududahang bakla. He was a very handsome gay guy at ilang beses na itong naligawan ng mga babae na sa tuwina ay magalang nitong tinatanggihan. Basti would not usually tell people about his gender although he wasn't hiding it, either. He just chose to be indifferent about it.

Napabuntong-hininga si Kathryn at muling nagmarakulyo ang dibdib nang bumalik ang isip kay Gabriel—ang matalik niyang kaibigan. First year college pa lang siya ay nangako na itong mag-a-attend ng graduation niya at ngayong nandito na

ang araw na pinakahihintay, ni hindi man lang siya nakatanggap ng tawag mula rito.

It was weird because he had never missed a special occasion in her life. Simula nang sixth birthday niya ay walang paltos na naalala nito ang mga sumunod niyang kaarawan. Kahit noong nag-college ito at nagtrabaho na sa Maynila ay ito parati ang unang bumabati sa kanya. Sa mga birthdays naman ni Basti at ng mga magulang niya ay hindi ito nakakalimot na magpadala ng card. Gabriel would even send pastries or cake during her parents' wedding anniversary.

Kaya hindi siya makapaniwalang hindi man lang nito magawang magparamdam ngayong graduation niya.

“Huwag ka nang magmukmok diyan, Kath, ano ka ba! Sigurado naman akong may magandang paliwanag ang kaibigan mo kung bakit di nakarating,” sabi ni Basti na nakababa na ng kotse.

Nasa harap na sila ng malaki nilang bahay at nakikita na niya ang mga bisita na naghihintay sa kanya sa loob. Isang engrandeng selebrasyon ang ibinigay sa kanya ng mga magulang katulad din ng ibinigay na selebrasyon ng mga ito nang magtapos sa kolehiyo si Basti. Nang nakaraang gabi ay excited na excited siya, pero ngayon ay tila wala na siyang

gana. Pinilit niya ang sariling ngumiti at lumabas ng sasakyan.

“Congratulations, Kathryn!” kaagad na bati sa kanya ng mga miyembro ng *Couples for Christ* na kinabibilangan ng kanyang mga magulang. Bitbit ng karamihan ang kani-kanilang pamilya.

“Thank you po!” pilit ang ngiting sagot niya at inikot ang mga mata sa bulwagan ng bahay.

Nangangamoy ng masasarap na pagkain ang buong bahay. Sa pinakagitna ay ang buffet table na may sari-saring Filipino food na napagkasunduan nilang lahat na siyang gawing handa sa okasyong iyon. Sa gitna ng mesa ay malaking litson na napapalibutan ng kare-kare, morcon, bistek, lumpia, palabok, sotanghon, kanin at kung anu-ano pa. May mga custom tables sa paligid niyon na halos okupado na lahat dahil sa dami ng mga bisita.

Naagaw ang atensyon niya ng mag-asawang malapad ang ngiti habang papalapit sa kanya. Sina Laura at Jerry, mga magulang ni Gabriel.

“Kath, Hija, congratulations!” Sinalubong siya ng ginang ng mainit na yakap na tinugon din niya habang ang asawa nito ay nakangiting nakamasid lang sa kanila.

“Where’s Gabby?” tanong niya habang yakap pa rin ito.

Bumitaw muna ito bago nagsalita. “I’m so sorry, Kath, pero hindi siya tumawag. Baka busy sa trabaho.”

Muling nagusot ang kanyang mukha. Hindi siya nahihiyang ipakita ang tunay na nararamdaman sa mga ito. Gabriel’s parents were like her second parents, too.

“Hindi ko talaga siya mapapatawad kapag hindi siya tumawag man lang ngayong araw na ’to. How could he forget about my graduation?” maktol niya.

Tinapik ni Jerry ang kanyang balikat. “I’m sure he’ll call, Hija. Huwag ka nang malungkot. Here, our gift for you. This might cheer you up.” Iniabot ng butihing lalaki sa kanya ang maliit na kahita.

“Ano ’to?” di mapigilan ang excitement na tanong niya sa matanda.

“Open it,” nagniningning ang mga matang sagot ng mag-asawa.

Napanganga siya nang makita ang laman ng kahita.

“You’re kidding me.” Iyon ang unang namutawi sa kanyang mga labi. Parang namamalikmata na

kinuha niya ang susi na nasa loob ng kahita at dinama iyon sa kanyang mga palad.

“Alam naming mahirap i-drive ang kotse mo paluwas ng Manila, kaya ikinuha ka na lang namin ng sasakyan. Nasa *Toyota Alabang* pa ’yan, pero ready nang kuhanin anytime you want to. Happy Graduation, Kathryn!” masayang bati ni Jerry.

Wala siyang maisip na sabihin, kaya mahigpit niya na lang na niyakap ang matanda. She was in utter shock. Ni sa panaginip ay hindi niya inasahan na bibigyan siya ng sasakyan ng mag-asawa. She knew for a fact that they loved her as a daughter but a car as a gift? Seriously?

“Thank you very much, Tito,” buong puso niyang pasasalamat dito. Bumitaw siya sa ama ni Gabriel at muling niyakap si Laura na mainit na nakangiti sa kanya. “Tita. I don’t even know how to thank you properly, just, thank you very much...”

“Don’t mention it, you know we love you. Gabe is our only child at hindi na siya umaasa sa amin. Ano pa ba ang gagawin namin sa salapi ngayong matatanda na kami? Of course we’d want spend it for someone who we treat as a family, too,” nakangiti nitong pahayag. “We are so proud of you, Darling.”

Naluluhang bumitaw ang dalaga sa pagkakayakap dito at hinawakan ang kamay ng mag-asawa. “I love you, guys, so much.”

“Ano ’yan, ano ’yan?” bigla ay singit ni Basti na namumukol ang bibig sa pagkain. Napatutop ito sa bibig nang makita ang hawak niya. “Oh, my God, no way...” Bigla nitong nalunok ang laman ng bibig. “Tito? Tita?” di-makapaniwalang baling nito sa mag-asawang natatawa na.

“Mukhang hindi ko na kailangang makisakay sa kakarag-karag mong sasakyan sa Maynila, Basti.” Nginisihan niya ang bakla.

“Ganoon? Sige, magmaneho kang mag-isa mo, tingnan natin kung matagalan d’on ’yang lisensya mo na dinaan mo lang sa pag-iyak para makuha.”

Inirapan niya ito bago napangiwi. Wala siyang alam sa pasikot-sikot sa Maynila. Isa iyon sa ipinag-aalala ng mga magulang niya sa plano niya na roon maghanap ng trabaho. Naroon din si Basti at nagtatrabaho bilang isang management trainee sa isang bangko. Hindi naman siya pinagbabawalan ng mga ito na gawin kung ano ang gusto niya, pero di maiwasang hindi mag-alala ang mga ito. Dahil sa ilang ulit niyang pagpunta ng Maynila ay hindi pa niya na-experience magmaneho.

“Nand’yan naman kayo ni Gabby, ano’ng kuwenta n’yo kung hindi n’yo man lang ako mai-brief sa mga kalye d’on.”

“Sige na, sige na! Umakyat ka na at magbihis. Nakatoga ka pa rin hanggang ngayon, masyado mong ini-enjoy ang graduation mo,” pagbabale-wala nito sa sinabi niya.

Hinarap niyang muli ang mag-asawa. “Tita, Tito, maraming salamat po ulit. I promise, iingat ko ang sasakyan.”

“Sige na, magpunta ka muna sa silid mo at susubukan kong kumbinsihin sina Tito na ako naman ang ibili ng bagong kotse.”

“Asa ka pa!” ingos niya bago tinalikuran ang mga ito at patakbong tinungo ang hagdanan papunta sa kanyang kuwarto.

Sa ilalim ng toga niya ay nakasuot siya ng isang maliit na dress kaya hindi niya hinubad ang toga sa buong program ng graduation. As a fat kid, hindi siya nagkaroon ng confidence na ihantad ang katawan kahit payat na siya ngayon. Nagkakasya na lang siya sa mga maong pants at t-shirts kung saan komportable siya at walang kahirap-hirap niyang nadadala.

Love Me More Than That - Jade Anne Franco

Ilang ulit na siyang sinaway ni Basti sa paraan ng pananamit niya, ngunit wala itong nagawa para baguhin iyon. Hindi naman siya nagpapakalosyang at may mga manliligaw rin siya. As a matter of fact, she had a boyfriend now. So it just proved na hindi siya ganoon kapangit, or at least, hindi ganoon kasama ang mga damit na isinusuot niya.

2

Sinipat ni Kathryn ang sarili sa salamin. Suot niya ang paborito niyang pantalon at puting t-shirt. Itinali niya ang buhok, ngunit ang suwail niyang bangs ay bumagsak pa rin sa kanyang noo kasabay ng mga hibla ng buhok na hindi sumama sa tali. She looked okay, nothing out of the ordinary.

Si Basty, kahit na madalas siyang inaasar ay hindi nagkulang sa kanya sa pagsasabing may maganda siyang mukha. He'd always told her that it was her eyes and nose. Sinabi nito na tila iyon sa isang Latina sa kabila ng mapusyaw na kulay ng kanyang balat. She appreciated it, pero hindi niya talaga makita ang sarili bilang isang magandang babae.

Kumibit-balikat siya at sa huling pagkakataon ay ngumiti sa salamin. Pagkaraan ay bumuntong-hininga siya at tumalikod na. Palabas na siya ng pinto ng silid nang marinig ang sigaw ni Basty sa ibaba. Nanlalaki ang mga mata na tinakbo niya ang hagdanan.

Basty cried out Gabriel's name!

Nasa landing pa lang siya ng hagdanan ay nakita na niya ang lalaking buong araw na laman ng

kanyang isip. Nakatingala si Gabriel sa kanya sa puno ng hagdanan. Suot nito ang favorite denim jacket na napailaliman ng abuhing t-shirt at itim na pantalon. Again, she couldn't stop herself from admiring her best friend's built.

The guy had every right to model any type of clothing. Bakat ang matitigas nitong kalamnan sa suot na damit at pantalon. He had long limbs with firm perfectly toned muscles. Just looking at it, she knew that they were warm like always. Pagkaraan ay umangat sa mukha nito ang kanyang mga mata. Gabriel always wore his hair short. Kumikislap ang brown nitong mga mata habang nakatingin sa kanya. He had tall proud nose and lips that always seemed to smile maliciously. He was easily the most handsome face she'd ever seen.

Nakangisi ito ngayon sa kanya at hindi na niya napigilan ang sarili. Kumaripas siya ng takbo pababa ng hagdanan upang salubungin ito ng yakap. Abut-abot ang tahip ng kanyang dibdib dahil sa excitement sa pagkakita rito. Tatlong hakbang na lang pababa, tumalon siya at tinumbok ang kinatatayuan nito. He gladly welcomed her with open arms at halos mapaubo pa nang saluhin siya nito ng yakap.

“You just can't help yourself from falling for me,

can you?” Rinig niya ang ngisi nito sa pagkakabulong sa kanya.

She snorted. “Dream on.” Nakapikit siya habang yakap ito. She was reveling in the warmth of his body.

His strong able muscles enveloped her as if his body was her very home. His warmth was too familiar to her, pero hindi pa rin niya maiwasang mamangha sa epekto nito sa kanya. Ilang ulit na ba silang nagyakapan ng kaibigan? She literally couldn’t count it anymore. Ngunit sa tuwing nagdidikit ang mga katawan nila ay tila may nagliliparang paru-paro sa paligid niya. At sumuko na siya sa paghahanap ng paliwanag para roon.

“Chubs,” anito sa nakasanayan nang tawag sa kanya. “Last month lang nang huli tayong magkita, you’re hugging me like I’ve been gone for years.”

Napamulat siya sa sinabi ni Gabriel, wala sa oras na naitulak niya ito. “Ilang beses ko na bang sinabi sa ’yo, stop calling me that! Saka bakit di ka man lang tumawag? Akala ko tuloy hindi ka na talaga darating.”

“Then that would ruin my surprise, wouldn’t it?” Ginulo nito ang buhok niya bago siya hinalikan sa noo. “Happy Graduation, Kathryn.”

Tuluyan nang lumatay ang ngiti sa kanyang mga labi. “Where’s my gift?”

“Hindi mo naman birthday, ah,” nakangisi nitong balik.

Sisimangutan na sana niya ito nang sumingit si Basti na kanina pa nakamasid sa kanila. “Hindi nga niya birthday, pero alam mo na ba kung ano ang regalo nina Tito Jerry sa kanya?”

“Of course,” mayabang nitong sagot, ako yata ang nag-suggest n’on.” Inakbayan siya nito saka muling nilingon si Basti. “Alam mo na, pag nasa Manila na si Kath, tayong dalawa na naman ang mapeperwisyo ng kakahatid sa kanya kung saan-saan, mabuti na ’yung may sarili siyang sasakyan d’on.”

Napaubo si Gabriel nang tumama sa tagiliran nito ang siko niya. “Ang yabang n’yo, eh, ako naman pinag-ga-gas ninyo,” busangot ang mukhang singit niya.

“Buti nga, gas lang ang sinisingil namin at hindi na ’yung driver’s fee,” susog pa rin ni Basti na nakalapit na at nakalabi sa kanya.

Naningkit ang mga mata niya. “Sabagay, mga mukha naman kayong driver. Kaya okay lang kahit singilin n’yo ako.”

“Kesa naman d’un sa boyfriend mong mukhang boy sa talyer,” mabilis nitong bawi.

“Hoy, a—”

“Boyfriend?” biglang putol ni Gabriel sa isasagot sana niya. Kunot-noo itong nakatingin sa kanya. “May boyfriend ka na?”

“Yes, at sa dinami-dami ng mga manliligaw niyan, ’yun pang saksakan ng yabang ang pinili.” Si Basti pa rin.

“Nahiya naman akong magsalita, parang alam na alam mo na lahat, eh,” napipikon na niyang angil sa bading.

“Bakit? Totoo naman, ah.” Pinagsalikop nito ang mga braso sa dibdib

“Teka, teka...” Pumagitna si Gabriel sa kanila. “Sino ba ’tong boyfriend na ’to? Kathryn, last month lang nasa Manila ka, wala ka man lang nabanggit sa ’kin.”

Pinakatitigan niya ang guwapong mukha ng kaibigan. Kung hindi pa niya alam na kapatid ang turing nito sa kanya ay maiisip niyang nagseselos ito. Ang kumikislap nitong mga mata ay biglang naambunan at hindi mawala ang pagkakunot ng

noo nito. Pilit niyang inalis ang naglalaro sa isipan at nagsalita.

“Sinagot ko si Mark nung na umuwi ako dito from Manila, so wala pa talaga akong sasabihin sa ’yo that time.”

“Mark who? Mark Natividad?” tanong pa rin nito.

“Yes, he’s my boyfriend,” matigas niyang sagot. Classmate niya ang lalaki since first year college at ang pinakamasugid niyang manliligaw. He was always thoughtful at halos araw-araw kung dalawin siya sa kanilang bahay. Wala siyang balak na sagutin si Mark na nagbago lang noong huli niyang gabi sa Maynila na nakaraang buwan.

Napuno ng pagkamangha ang mukha nito. “Ilang taon lang ’yun, ah! Must be fifteen or something.”

Napahalakhak si Basti. “Ka-age niya lang si Kath, ano ka ba!”

“You’ve probably seen him last when he was sixteen kaya akala mo, hindi na lumaki ’yung tao,” sabad niya.

Bumuntong-hininga si Gabriel at luminga-linga sa paligid. “Where is he then?”

“May sarili siyang party and apparently, hindi

namin puwedeng i-boycot ang sari-sarili naming celebration. Pero sinabi niyang baka makahabol siya kung maagang magsipag-uwian ang mga bisita niya.”

Umingos si Gabe. “Lame, I’d miss my own party for my girlfriend.”

Umikot ang mga mata ni Kathryn. “As if! Eh, n’ung nag-debut nga ang girlfriend mo noong third year college ka, ni hindi ka man lang pumunta. Mas pinili mo pang sumama sa swimming namin nina Basti.”

“Because that girl wasn’t my girlfriend, she just assumed na girlfriend ko siya.”

“Kaya pala kung makapaghalikan kayo sa campus noon, gan’un-gan’un na lang,” hindi mapigilang singit ni Basti.

“Kung lahat ng babaeng nahalikan ko ay girlfriend ko, then I wouldn’t be able to count the relationships I’ve had.”

Nagkatinginan sila ni Basti at sabay na napailing. “It’s not my fault I’m handsome like that.” Inayos pa kunwa nito ang kuwelyo.

Umikot na ang mga mata ng bakla. “Sige, ulit-ulitin mong sabihan ’yan at baka nga maging totoo.”

“Sus! If I know, matagal mo na akong pinapangarap.” Gabriel never backed out on Basti.

Napahalalak na ang dalaga. Na-miss niya ang asaran ng dalawa at natutuwa siya at nabaling ang pagpipikunan ng mga ito sa isa’t isa.

Basti faked a laugh at pinababa ang boses. “Bro, mas guwapo pa ako sa ’yo.”

“Okay, Bro, if you say so...” Umiling-iling si Gabe at kunwa’y napabuntong-hininga. “Ang mga bagay na sasabihin mo para lang mapasaya ang mga kaibigan mo.”

“Ano ’yan, nag-aaway na kaagad kayong tatlo?” Hindi nila napansin na nakalapit na ang mommy niya.

“Tita, sino’ng mas guwapo sa ’min ni Basti?” derechong tanong ni Gabriel sa bagong dating.

“Aw, Gabe, you know you will always be my pretty boy,” Mrs. Lyla Dominguez said softly at hinalikan ang binata sa magkabilang pisngi.

He smiled triumphantly. “Sorry, Bro, the judge has spoken,” baling nito kay Basti na hindi mai-drawing ang mukha.

“Tita, I can’t believe you,” kunwa ay nasaktan nitong baling kay Lyla.

“Hey...” Lumapit ang ginang dito at hinalikan din sa pisngi. “You are my pretty girl, alam mo naman ’yon di ba?”

Pareho silang napakagat-labi ni Gabriel sa pagpipigil na matawa. Basti might be gay, but he hated it when he was treated like a girl.

“Okay, enough of that.” Ang mommy ulit niya. “Kumain na kayo, and Kath, say hello to the visitors. Marami pa kayong tatlo na oras mamaya para mag-asaran. Be a good hostess.”

Sabay-sabay na silang tatlong nakisali sa mga nagsipagdalo. Hawak-kamay sila ni Basti habang si Gabriel naman ay nakaakbay sa kanya.

Kathryn smiled, her day was complete.

“That boy’s a kid! Paano ’yan nagustuhan ni Kath?” madilim ang mga matang bulong ni Gabriel kay Basti habang nakamasid sa parehang nasa gitna ng dance floor at nagsasayaw.

Ipinakilala ito sa kanila ni Kathryn nang dumating ang nobyo, ilang minuto pa lang ang nakakaraan. Yakap ng patpating lalaki ang baywang ng dalaga habang nakapatong naman ang mga kamay ng huli

sa mga balikat nito. Dikit na dikit ang bibig ni Mark sa tainga ng kaibigan habang ngiting-ngiti.

Pakiramdam niya ay hinihila ang mga laman-loob niya sa tuwing hahaplos ang mga kamay ng binata sa likod ng kababata. He had this weird urge of throwing the guy out of the house and break his fragile little bony body.

“Nabigla nga rin ako nang sinabi niyang sinagot na niya ’yang lalaking ’yan, eh. I didn’t think she’d actually like him,” sagot ni Basti at sumimsim sa baso ng red wine.

Tumungga siya ng beer sa bote bago alanganing nagsalita. “You think they’ve...” Napalunok siya. “They’ve... you know...”

“Had sex?” walang kagatul-gatol nitong pagtapos sa tanong niya bago siya nilingon.

“Yes,” he tried to answer calmly, but he could feel his jaw clenching and he couldn’t seem to control it. Muli siyang lumagok ng beer.

“Nagseselos ka ba?” Puno ng pagdududa ang boses nito.

Halos maibuga ni Gabriel ang laman ng bibig sa tanong nito. Napaubo siya. “What the hell are

you talking about?” he choked out, hindi pa rin nakakabawi.

Takang nakatingin lang ito sa kanya bago, “Dude, it’s an innocent question. Calm down, geez!”

Napapahiyang napabuga siya ng hangin. “Bakit ako magseselos? Concerned lang ako, it’s the first time na may lalaki na inamin niyang boyfriend niya. Baka seryoso na ’yan, I don’t want her heart broken, you know.”

Kumibit-balikat ito at nawala na ang pagdududa sa mukha, or so he hoped so. “Paano mo naman naisip na maha-heartbroken ’yan? Kung may dapat mang mangamba, si Mark ’yun. He is way out of her league,” buong kumpiyansa nitong saad.

“We’ll never know,” nasabi na lang niya at inubos na ang laman ng bote.

“Sabihin mo nga sa ’kin, what happened in Manila during her last night sa unit mo? She was supposed to go to my place the following day, pero bigla na lang nagdesisyon na umuwi.”

Tiningnan ito ni Gabriel at matamang nag-isip. Pagkaraan ng ilang saglit ay nagsalita siya. “Nothing, I wasn’t even there that night. She probably got bored.”

Naalala niyang kasama niya si Casey nang gabing iyon. She was his girlfriend that time. Nasa mini grocery store ng building si Kathryn nang pumunta si Casey para sunduin siya. There was a party at the latter's house. Ni hindi na nga niya nagawang magpaalam sa kaibigan, he just texted her which was very normal.

“Naisip ko lang, sinabi niya kasing sinagot niya si Mark nang dumating siya galing Manila. I thought, maybe something provoked her to do so.” Bumalik ang tingin ni Basti sa pareha na patuloy pa rin sa pagsasayaw.

“Maybe just one of her moments. You know how impulsive she can be sometimes.”

“Siguro,” pagpapatianod nito. “That guy's an ass. Sana lang mag-wear off na 'yung moment niya at hindi ko talaga gusto ang lalaking 'yan.”

Napapangising tiningnan niya si Basti. “Type mo lang 'ata.”

“Fortunately, mas mataas ang criteria ko for a boyfriend kesa diyan sa tabachoy na 'yan,” mabilis nitong pakli at inubos ang laman ng baso.

3

Hindi pa halos tumitilaok ang mga manok, nasa mansion na ng mga Versalez si Kathryn.

“Morning, Tita, Tito. Si Gabby, tulog pa ba?” Nadaanan niya ang mag-asawang nag-aagahan sa garden.

“Yes, mag-uumaga na siya umuwi kagabi. Come join us for breakfast,” aya ng ginang.

Sandali siyang natigilan. Alam niyang wala pang alas onse nang umalis si Gabriel sa party niya nang nakaraang gabi. Hindi na ito nagpakita sa kanya pagdating ni Mark. Ni hindi man lang nga siya nito naisayaw.

“No thanks, tapos na ho ako,” tanggi niya.

“Is everything okay?” Gumuhit ang pag-aalala sa mukha nito.

“Yes, may sasabihin lang ho ako sa kanya.” Ngumiti siya sa mga ito.

“Okay, Hija, puntahan mo na lang ang kaibigan mo. You know his room.”

Kaagad siyang pumasok sa kabahayan at pumanhik sa hagdanan. Hindi bago sa mga magulang ni Gabriel ang paglabas-masok niya sa silid nito at ganoon din ang mga magulang niya kay Gabriel. They basically grew up together na parang magkapatid.

Pagkapasok na pagkapasok niya ay mabilis niyang pinulot ang nahulog na unan sa sahig katulad ng nakagawian at ubod ng lakas na inihampas sa likod ng ulo nito. Ang tanging nakikita niya dahil natatabunan ng kumot ang buong katawan nito sa pagkakadapa sa kama.

“Versalez, wake up!” malakas niyang sigaw, pero ni hindi man lang ito natinag. “Gabby!” Niyugyog niya ang likod ng kaibigan, kaya dumulas ang kumot sa pagkakatakip sa katawan nito. Nahantad sa kanya ang namumukol nitong muscles sa likod na marahang umaangat at bumababa kasabay ng payapa nitong paghinga.

Napalunok siya. Matagal na niyang alam na maganda ang katawan nito at ilang ulit na niya iyong nakita, pero hindi pa rin niya maiwasan ang mapahanga. Makinis ang balat nito na tila ba kay init damhin. She admired every part of him. She shrugged bitterly, who was she kidding?

She loved every part of him. A feeling that she

kept so well. Alam niyang kahit kailan ay hindi siya magugustuhan ng kaibigan katulad ng pagkakagusto niya rito. He treated her like Basti did, a younger sister.

Inalis niya ang naglalaro sa isip at nilakasan ang pagyugyog dito, flipping him so his handsome face was facing her. Pero nanlaki ang mga mata niya nang makitang wala itong saplot. She thought her shock was going to wear off, but she only got even more startled when she realized that he was awake.

Gabriel lazily smiled at her. “Morning, Kathryn.” His voice was husky. Uminat-inat pa ang binata na tila bale-wala rito ang kahubdan.

Nag-iinit ang mukhang tumaas-baba ang tingin niya sa kausap bago mabilis na tumalikod. “Why are you sleeping in the raw?”

She heard him chuckle. “My doc suggested I sleep naked. P’wede raw makatulong sa insomnia ko, and it’s helping. What’s wrong?”

Umikot ang mga mata niya. “What’s wrong?” Muntik na niya itong lingunin muli sa wala sa ayos nitong tanong. “What’s wrong is I’m here and you’re naked. Magsuot ka nga ng damit. I need to talk to you.”

“Bakit? Hindi ba ako makakapagsalita kung hubad?” She could almost hear him laugh. “I kinda like it...” dagdag pa nito.

Mangani-nganing harapin niya ito at batukan. He was clearly enjoying the fact that she was very uneasy and uncomfortable. “P’wede ba, spare me your perversion and get dressed. Saan ka ba nagpunta kagabi?” hindi na niya napigilang itanong. “Bigla ka na lang nawala sa party.”

Narinig niya itong bumangon saka nagsalita. “Masyado kang busy sa patpatin mong boyfriend kaya umuwi na lang ako. P’wede ka nang humarap, I’m decent.”

Hinarap niya ang kababata at nakita niya itong kinukusut-kusot pa ang mga mata. Nakasuot na ito ng boxers at manipis na t-shirt na nakataas pa ang laylayan. Pagkuwan ay nilingon siya nito. “Yan lang ba ang pinunta mo dito?” Tiningnan nito ang orasan na nakapatong sa lamesa sa gilid ng kama nito. “It’s just ten past seven. Minsan lang makatulog nang maayos ang tao,” reklamo pa nito.

“Nakalimutan mo na ba, pag umuuwi ka dito, pumupunta tayo sa beach nang maaga? Dapat nga ngayon on the way na tayo, eh,” sagot niya, pagkuwan ay lumapit sa intercom at nagsalita. “Mimay, coffee

please.” Yaya ni Gabriel ang tinawag niya na kung tutuusin ay mas yaya pa niya dahil mula nang magkakilala silang magkaibigan ay mas inaasikaso pa siya nito at pinapaboran sa maraming pagkakataon.

“I can’t go with you today, may lakad ako,” tinatamad na sagot ng lalaki na pumipikit-pikit pa rin habang pinapatunog ang leeg.

Tuluyan nang sumama ang timpla ni Kathryn. Dati-rati, pag umuuwi ito ay buhos sa kanya ang atensyon. Pero tila may nag-iba na rito. Unang-una ay wala man lang itong regalo sa kanya. Pangalawa, umalis ito nang nakaraang gabi nang hindi man lang nagpapaalam, at ngayon ay tila wala itong ganang tingnan o kausapin man lang siya.

“Ano ba’ng problema mo? May nagawa na naman ba ako?”

Payak itong tumawa at tiningnan siya na tila ba isa siyang maliit na bata at marahang nagsalita. “I’m just tired. Umaga na akong nakauwi, literally.”

“S’an ka ba kasi nagpunta?” alanganin niyang tanong.

Nginitian siya ni Gabriel at hinila ang kamay niya hanggang sa makaupo siya sa tabi nito. She felt his skin warm from sleep. That nagging feeling of

comfort and being home swept through her again. Pinilit niyang magpakahinahon.

“I’ll answer your question after you answer mine,” mayamaya ay saad nito.

“Ano ba’ng tanong mo?”

“Ano’ng nagustuhan mo sa Natividad na ’yun? Mas malaki ka pa sa kanya, ah.”

Isang malakas na siko ang binigay niya rito at mabilis na tumayo. “Napaka-OA mo, hindi mo ba nakikitang payat na ako? Hindi ka pa rin nakakamove on sa childhood natin,” sambulat niya at tinapunan pa ulit ito ng unan.

Narinig niya ang halakhak ng kaibigan at nang makabawi ay muling nagsalita. “Okay, okay, hindi ’yun totoo. Of course, payat ka na ngayon. Pero bakit siya? At bakit biglaan? Do you even like him?”

Hindi niya makuha ang intensity ng curiosity nito sa boyfriend niya. Si Mark, kahit may kayabangan ay mabait sa kanya pati na rin sa mga magulang niya. May allergy lang ito sa mga homosexual, kaya hindi nito makuhang pakitunguhan nang maayos si Basti. Kaya tuloy nakabuo ng dislike ang adopted brother niya para rito. Sa mag-iisang buwan pa lang na relasyon nila ay minsan lamang siya nitong nahalikan.

Ginusto nitong patagalin pa ang halik na iyon, ngunit nang pigilan niya ay hindi na ito nagpumilit. He just stopped and smiled like the gentleman that he was.

All in all, Mark wasn't a bad boyfriend. Ni minsan ay hindi siya nito pinagbayad sa paglabas-labas nila at lagi na lang itong may bitbit na pasalubong sa tuwing dadalaw sa kanila. Everyone liked him, at wala rin siyang maalalang iringan nito at ni Gabriel para maging ganito kalakas ang pagdududa nito sa kanyang kasintahan.

“O-of course I like him, love him even. Ano ba'ng masama sa kanya? He's good-looking, he's kind, at higit sa lahat, hindi babaero. He's perfect for me!” Pilit niyang pinapaniwala ang sarili sa kanyang mga salita.

Umubo ang binata pero mas obvious na pinigilan lang nito ang matawa! “Perfect? Kaya pala kung makabungisngis ka habang nagsasayaw kayo ay para kang kinikiliti sa singit. May pahaplos-haplos ka pang nalalaman,” kunot-noo nitong dagdag.

“Anong haplos ang pinagsasabi mo diyan? I wasn't doing anything like that! Ang landi mo talaga.” Ramdam niya ang sobrang panginiginit ng mukha. Gabriel could be a mean bully if he chose to.

“Ako pa ang malandi? Hindi naman ako ang nagpapapak ng tenga sa gitna ng dance floor, ah,” mabilis nitong susog.

Mas lalong nanlaki ang mga mata niya sa sinabi nito. Hindi na siya nakapagpigil, sinugod niya ang binata at pinagsususunok ito sa balikat. “Nakakainis ka na, ah!” asar-talo niyang angil habang pulang-pula ang mukha.

Pigil ang tawang hinuli nito ang mga kamay niya, pero nagpapapalag siya at muli itong pinaghahampas.

“Chubs, kanina ka pa, ah! Stop it, hey!” reklamo nito.

Ayaw niyang itigil ang ginagawa dahil sa pagkapahiya. Sa biglang hatak nito sa kamay niya ay nawalan siya ng puwersa at tuluyan siyang nahila hanggang sa mapahiga ito kasabay siya. Napapatong siya sa kandungan ni Gabriel.

Halos mawala ang kulay sa mukha niya nang maramdaman ang pamumukol sa ibaba ng puson nito. She could feel it right under her tummy!

“Oh, my God!” she screamed. Parang binuhusan ng malamig na tubig na buong puwersa niyang itinulak ang dibdib nito upang maitulak ang sarili paangat at makabangon. “B-bakit... bakit...” Hindi

niya malaman kung paano ifo-formulate ang tanong.

“Why do I have a hard-on?” nakangisi nitong pagtatapos sa tanong niya, ni hindi man lang pinagkaabalang takpan ng unan o ng kumot ang boxers nito. The bulge was still there and try as she might, she could not stop herself from looking at it again.

Humugot siya ng malalim na paghinga at sa wakas ay nagawang itutok ang mga mata sa sahig. Mas lalo lamang lumakas ang tawa ng kababata at halos mapaightad siya nang tumayo ito at akbayan siya.

“It’s early in the morning, natural lang ’yun sa lalaki.”

Lumayo siya rito, hindi pa rin siya makabawi sa mga pangyayari. “You’re such a pervert,” nasabi na lang niya at nilapitan ang bag nito na malamang na siya ring bag na dala ng kaibigan pauwi. Nakapatong iyon sa nag-iisang couch sa kuwarto. “Anyway...” Tumikhim siya, pinilit ang sariling maging interesado sa laman ng bag nito para lang hindi nito makita ang mukha niyang namumula pa rin. “It’s your turn to answer my question. Saan ka ba nanggaling kagabi?”

“I went to see this girl na nakilala ko sa eroplano

papunta dito,” sagot ni Gabriel, rinig niya ang mga yabag nito papasok sa banyo.

Natigil ang pagkalkal niya sa mga gamit ng kaibigan. “And?” She waited.

“She’s the girl of my dreams!” Nag-echo ang boses nito sa loob ng banyo.

Umikot ang mga mata ni Kathryn. Ilang ulit na ba nitong sinabi ang mga katagang iyon? At kahit noong una ay halos mapiga ang puso niya sa sakit at selos ay nakasanayan na niya iyon. Walang tumatagal na girlfriend si Gabriel. Sa katunayan, nang huli siyang nasa Manila ay may bago pa lang itong nobya na sa una pa lang na pagpapakilala sa kanya ay ipinakita na kaagad ang pagkadisgusto sa kanya.

Napailing siya, the girl had no reason to be jealous dahil sa una pa lang ay sinabi na rito ng binata na best friends na sila simula pa nang bata. But she overheard their conversation on the last night of her stay at his unit. The girl was accusing her of being in love with Gabriel, kaya raw hanggang ngayon ay wala pa siyang boyfriend. She was apparently upset dahil doon siya natutulog sa bahay ng nobyo nito sa buong panahon na nasa Manila siya.

Kahit ayaw niya sa babae ay alam naman niya sa

sarili na totoo ang sinasabi nito, kaya natakot siya na baka makahalata ang kaibigan. Nang bumalik siya ng Bicol ay tinawagan niya kaagad si Mark at nakipag-set ng date dito. At kinagabihan nga ay naging official couple na sila. A few weeks later, sa pag-uusap nila sa cellphone ni Gabriel ay sinabi nitong break na ito at si Casey. At heto uli ito, he'd found yet another girl of his dreams.

“Na naman? Ilan ba ang babaeng pinapangarap mo?” She started talking comfortably at wala sa sariling isinuot ang t-shirt nito over her own shirt at umikut-ikot sa salamin. Naririnig niya ang lagaslas ng tubig sa lavatory. Nang tumigil iyon ay lumabas si Gabriel na nagpupunas ng towel sa mukha, pagkatapos ay nagsalita.

“This is different, I swear to you. Una ko pa lang siyang nakita ay iba na talaga ang naramdaman ko; she's so pretty, and nice and sweet. Kagabi buong gabi lang kaming nakahiga sa loan ng *Renaissance Hotel*, watching the stars habang nag-uusap. The only girl I met who can manage to entertain me all night without using sex.” Pumikit-pikit pa ito na tila nananaginip at muli siyang tiningnan. “You will like her, Basti will like her. I'm telling you. She's everything I want and I can see myself in the future with her.”

Hindi makapaniwalang matagal niya itong tinitigan. Naghahanap siya ng palatandaan na nagbibiro ito o nag-e-exaggerate lang. Pero wala siyang ibang makita rito kundi sinseridad. His face was flat serious, nagpapatunay lang na totoo ang mga sinasabi nito. Ramdam niya ang unti-unting paglukob ng lamig sa kanyang pagkatao. Hindi rin niya namalayan na sumisikip rin ang kanyang paghinga.

Laking pasasalamat na lamang niya na bumukas ang pinto at pumasok si Mimay. May dala itong tray na may dalawang tasa ng umuusok na kape.

“Kath, pinagluto kita ng agahan, galing ng Lucban si Sir kahapon at saktong may dala siyang paboritong mong longganisa,” bungad nito sa kanya hindi pa man nailalapag ang tray na bitbit.

Humugot muna siya ng malalim na hininga bago ngumiti at hinarap ang bagong dating. “Sige, Mimay, mamaya pagbaba ko.”

“Mimay, ako? Hindi n’yo man lang aayaing kumain?” Busangot ang mukha ni Gabriel.

“Sige, ipaghahanda na lang rin kita,” nakalabi nitong sagot nang mailapag ang tray, halatang nagbibiro.

“Ganyan ka nang ganyan sa ’kin, Mimay. Sige ka, di ko ibibigay sa ’yo ang pasalubong kong perfume.”

Nabalik ang tingin niya sa bag ni Gabriel. Nakita na niya ang perfume na sinasabi kaya mabilis niya iyong kinuha. “Huwag ka nang magpakabait sa kanya, Mimay. Heto, kunin n’yo na agad.” Mabilis niya iyong iniabot sa matanda na nakatawa nitong tinanggap. Binelatan nito ang lalaki bago mabilis na lumabas ng kuwarto.

Napailing na lang ang kaibigan at humigop ng kape. “Nasagot ko na ang tanong mo,” pagkaraan ay saad ni Gabe.

Inalis muna niya sa isipan ang sinabi nitong babae at nagsimulang sabihin ang totoong pakay. “Kinausap ko si Basti. Gusto ko sanang doon na lang sa kanya tumira, natatakot kasi akong magsolo sa Manila. Pero hindi pala p’wede.”

Kumunot ang noo nito. “Bakit naman hindi? I like the idea of you sharing apartments with Basti. You’ll be safe with him.”

Mabilis siyang tumangu-tango. “Exactly, ’yun nga din ang nasa isip ko, pero...”

“Pero...?” nabitin nitong udyok.

“Don’t tell him that I’ve I told you, okay?”

Umikot ang mga mata nito pero tumangu-tango rin nang huli.

“May ka-live-in siya, so obviously, hindi ako puwedeng makitira sa kanila.”

“I knew it! Kaya pala hindi niya ako iniimbita sa unit niya sa Manila.” Napailing si Gabriel. “I was hoping he was still gonna change his mind about being gay.”

Tumaas ang isa niyang kilay. “Asa ka pa!” Muli ay bumuntong-hininga siya at napangiwi. Hindi niya malaman kung paano sasabihin dito ang nasa isip. Alam niyang ang hihingin niya rito ay isa sa mga pinakamalaking pabor na maaari niyang hingin sa kaibigan.

“So what do you plan to do?” tanong pa rin nito.

“Well, I’m thinking na... well, baka puwedeng...”

“May kumagat ba sa dila mo? Ano’ng nangyayari at hindi ka makapagsalita?” He was getting touchy.

Nag-alis siya ng bara sa lalamunan. “Uhm... I’m thinking na baka puwedeng doon na lang ako sa ’yo tumira. I’ll share rent.” Mabilis siyang yumuko pagkasabi niyon. Sandali itong natahimik at nakasilip

siya ng pag-asa. She took advantage and continued. “I promise you, hindi na ako manggugulo. I’ll keep the place clean, I... I’ll cook for you... hindi ko na papakialaman ang fire alarm. I will even buy my own closet, hindi na maghahalo ang mga damit natin.”

Nagtaka siya nang ito naman ang yumuko. Not exactly the kind of reaction she expected from him after all that she’d said. Ilang saglit pa ay yumuyugyog na ang mga balikat nito hanggang sa tuluyan nang pumuno sa buong kuwarto ang tunog ng halakhak ng lalaki.

“Hey!” She couldn’t believe this guy. “Seryoso ako.”

Hindi pa rin matigil sa pagtawang nagsalita ito. “Other than the fact na naisip mo na maaari akong pumayag sa suggestion mo, which is already funny. But to say na ipagluluto mo ako, and you can keep the place clean?” Pinigil nito ang halakhak at huminga nang malalim. “I’m sorry, Kathryn, but who are you kidding? Ni hindi ka pa nga nakahawak ng walis sa tanang buhay mo.”

Halos maluha na siya sa pagkapikon. Gabriel really did know how to press her buttons. Gusto niya itong bulyawan nang oras na iyon but she had to keep her cool, siya ang may pavor na hinihingi.

Takot siyang mag-isa sa Maynila, pero ayaw rin naman niyang sa Bicol na lang magtrabaho. Isa pa ay magre-review siya para sa Nursing Licensure Exam at alam niyang sa Manila pinakamagandang mag-review. She just needed time to get used to the big city's environment. Pag nangyari na iyon ay hinding-hindi na siya hihingi pa ng pabor dito.

“Please, alam mo namang takot akong mag-isa. I’ll be good, I promise! Wala ka namang kasama, ah. And to your girls, puwede naman kayong mag-hotel na lang or something,” napapangiwi niyang sabi.

Nakatawa pa ring umiling si Gabriel. “I’m sorry, Kathryn, but I can’t say ‘yes’ this time. The least I could do is help you find a great place to stay. Safe, clean and accessible. That’s about it. Hindi ka puwedeng tumira sa unit ko.”

“But why?” Hindi siya makapaniwala sa walang pagdadalawang-isip nitong sagot.

“Coz...” Kumibit-balikat ito.

“Just ‘coz?’” balik niya. “I’m gonna need a longer answer than that.”

Umikot ang mga mata nito. “Uhm... be-cause?”

“I hate you right now,” matalim ang tingin na

asik niya at tumalikod na.

“Oh, come on...” Naramdaman niyang sumunod sa kanya ang kaibigan. “You know you don’t. Grow up, Kathryn!”

Marahas na bumalik ang paningin niya sa lalaki at hindi makapaniwalang nagsalita. “Did you just tell me to grow up?”

“Yes, I did,” anito sa malumanay na boses, a tone one uses when talking to a hard-headed kid. “And when you grow up, you will understand.”

Tumaas-baba ang dibdib niya sa tinuran ng kabanata. Nagbilang muna siya nang hanggang sampu bago muling nagsalita.

“Is there anything, anything at all... that I can do, para mapapayag ka?”

Gabriel eyed her lazily and, “No.”